

1

“I’m sorry, Sofie. I can’t go out tonight.”

Napalingon si Daniel nang bumukas ang pinto ng kanyang opisina. Pumasok ang pinsan niyang si Spencer. Sumenyas siyang maghintay ito.

“I’m just busy. Hindi talaga ako p’wede.”

He heard the other man’s quiet laughter.

“No! It’s not like that, Honey! I...” Napangiwi siya at biglang inilayo ang receiver sa tainga. Iilingiling na ibinalik niya ang receiver sa cradle nang masigurong wala na siyang kausap sa kabilang linya.

“Was that Sofie, your flavor of the month?”

“Uh-huh.”

“At binagsakan ka niya ng telepono dahil...?”

Iniiikot niya ang swivel chair paharap sa ceiling to floor window overlooking the business district of Makati. Sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang kumuha ng dalawang canned beer si Spencer sa personal refrigerator niya. Lumapit ito at umupo sa gilid ng kanyang mesa, paharap din sa tanawing

pinagmamasdan niya. Iniabot nito ang isang lata ng beer sa kanya.

“Inaya niya akong lumabas. I told her I was busy.” Humarap siya sa pinsan. Nakataas ang isang kilay nito.

“Busy? Kailan ka pa naging busy pag babae na ang nag-aaya?”

Tiningnan niya ito nang matalim. Tumawa lang ito.

“Teka, parang ganito rin ang nadatnan ko kahapon. And the other day... and last Tuesday.” Nagtataka itong tumingin sa kanya. “Don’t tell me you didn’t go out with your girl the whole week.”

“I didn’t.”

Natawa siya sa exaggerated na pagkagulat nito.

“Teka muna, nilalagnat ka ba?”

“Of course not!”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “You’re not Daniel!” Bigla itong tumayo at pumunta sa kabilang side ng table. “Sino ka? Ano’ng ginawa mo sa pinsan ko?”

Binato niya ito ng nilamukos na papel. “Cut it

out, Spencer! Ang OA mo!”

Natatawang umupo ito sa mahabang sofa. Tumayo siya at naupo sa tabi nito. Isinandal niya ang ulo at ipinikit ang mga mata.

It had been a tiring week. Nabugbog yata ang utak niya sa sunud-sunod na meetings.

“So, what’s with you? Nakakapagtaka lang dahil tumatanggi ka na sa mga babae ngayon,” komento ni Spencer.

“I’m just not in the mood.”

“Nagsasawa ka na kay Sofie?” panghuhula nito.

“You could say that,” aniya na nakapikit pa rin.

“Then, dump her. Marami namang gustong mag-apply para maging flavor of the month mo.”

He snorted.

“Yung papasikat na starlet ng isang TV network, matagal nang nagpaparamdam sa ’yo.”

“I don’t like her.”

“Di d’un ka na lang sa cosmetic surgeon.”

Napadilat siya sa narinig. “Spencer, she’s ten years older than me!”

“So? Age doesn’t matter.”

He muttered a curse. Tumawa lang ito. Lumagok siya ng beer at pagkatapos ay bumuntong-hininga. His cousin eyed him doubtingly.

“Hmm... why do I have this feeling that you’re not simply bored?” usisa nito.

Tumayo si Daniel at muling lumapit sa bintana. Dahil nasa mataas na floor ang kanyang opisina ay tanaw niya ang nangyayari sa ibaba. Parang langgam na pila-pilang naglalakad ang mga tao. Animo mga laruan lang ang tumatakbong mga sasakyan.

“I don’t know, Spence. Pero lately, parang...” Sumulyap siya sa pinsan. “Parang nagsasawa na ako sa ganitong buhay.”

“Ayaw mo nang maging mayaman?”

Umiling siya. “Ang ibig kong sabihin, nagsasawa na akong makipaglaro.” Humarap siya sa kausap at tumitig dito. Gusto niyang makita ang reaksiyon nito sa sunod niyang sasabihin. “I want to settle down. Gusto ko nang mag-asawa.”

Muntik na nitong maibuga ang iniinom na beer. Kandasamid ito sa pagkabigla.

“Tama ba’ng dinig ko? Gusto mo nang mag-

asawa?”

“Yeah!” Umaliwalas ang mukha niya. “I want a wife, a house with a picket fence, a playground in the middle of a garden. I want to have kids! A half-dozen kids, kung kakayanin ng magiging wife ko.”

Malapad ang pagkakangiti niya. He must’ve had that dreamy expression on his face dahil titig na titig si Spencer sa kanya, nakanganga pa at nandidilat ang mga mata.

“You’re definitely screwed up!” anito na inisang lagok ang natirang beer sa lata. “I need a stronger drink,” he muttered.

“Come on, Spence!” Naiiling na tinitigan siya ng pinsan. “Ano ba’ng masama kung gustuhin ko mang mag-asawa?”

“Walang masama, Dan. Nakakapagtaka lang. It’s so unlike you.”

“Wala naman akong sinabi noon na forever akong magiging bachelor,” katuwiran niya.

“Hindi sa ganoon. It’s just way too early.”

Inubos niya ang laman ng canned beer. “I’m thirty-one years old. Next year ay wala na sa kalendaryo ang edad ko.”

“I still think it’s way too early. Hindi mo ba naisip, you’d be missing out a lot kapag nag-asawa ka.”

“You mean the sex? Iyong iba-ibang putahe kada buwan? You know that I don’t bed every girl I meet. Hindi ako ganoon ka-addict sa babae,” komento niya. At iyon naman ang totoo.

People may think he was the classic Casanova. Dahil na rin sa kabi-kabilang babae na nali-link sa kanya. Pero ang hindi alam ng marami, masyado lang siyang maginoo para tanggihan ang mga lumalapit. At hindi sa lahat ng pagkakataon ay humahantong sila sa kama. He was not someone who’s easily aroused, kahit gaano pa kaganda at kaagresibo ang isang babae.

Nagkibit-balikat lang si Spencer. “Hindi iyon ang lumalabas sa mga balita.”

“You read too many gossip columns,” paninita nya.

Humalakhak ito.

“I’m serious. Sawa na talaga ako sa pagbubuhay-binata.”

“Ewan ko, Dan. Baka naman naguguluhan ka lang?”

“Desidido na ako. Bago matapos ang taon, ikakasal ako.”

“Hindi basta-basta ang pag-aasawa. Sabi nga ng mga matatanda, hindi iyon parang kaning mainit na isusubo at kapag napaso’y iluluwa.”

“Alam ko.”

Skeptical pa rin ang kanyang pinsan nang sulyapan niya. Pero wala naman talaga itong magagawa.

“So, okay. Let’s say na hindi ka nabibigla and you’re really decided. Sino naman ang pakakasalan mo? Sino ang pipiliin mong reyna nitong empire mo?”

Iyon ang malaking problema!

Walang mapili si Daniel sa mga naging girlfriends niya. Bukod sa hindi siya naniniwalang mahal siya ng mga ito, wala rin siyang makapang espesyal na damdamin sa kahit sinuman sa kanila.

He might be the richest guy in the country. But he was also the typical, old-fashioned guy who believed in love and marriage. And he wanted to marry out of love.

“Iyon ang problema ko. Hindi ko pa nakikita ang babaeng karapat-dapat kong pakasalan.”

“Ano ba ang tipo ng babaeng hinahanap mo?”

“Someone who’ll love me for what I am. Iyong mas unang mamahalin ang pagkatao ko kaysa sa bank account ko.”

Napasipol si Spencer. “Malaking problema iyan. Sa estado mo ngayon, mahihirapan kang hanapin ang ganyang tipo ng babae.”

Hindi ito nagbibiro.

Kilala siya sa alta-sociedad. Sa kanya ipinamana ng kanyang papa ang multi-billion empire nito. Nakabandera sa mga business magazines ang mukha niya. Laman siya palagi ng ilang gossip columns sa ilang kilalang newspaper.

Mas nauunang malaman ng mga tao ang net worth niya kaysa sa paborito niyang pagkain. Ganoon din ang mga babaeng nakapaligid sa kanya. And there were lots of social climbing bitches around. Kasing-dami rin ng mga babaeng umaaktong mahal siya, pero panay naman ang ungot sa kanya ng kung anu-ano.

“Alam ko kaya nga tinawagan kita. May gusto akong hilingin sa ’yo.”

His cousin stared at him incredulously. “Huwag

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

mong sabihing ako ang paghahanapin mo ng magiging asawa mo?” Bakas kaagad ang pagtutol sa mukha nito.

“Sira! Bakit ko naman gagawin ’yun? Mamaya sulutin mo pa sa akin ’yung mapapangasawa ko.”

Spencer sneered.

“Gusto kong ikaw muna ang mag-take over sa kompanya. I’m going away for a while. Pupunta ako ng Cavite City.”

“Ano’ng gagawin mo d’un?”

“I’d like to do a little experiment of my own.” Sinabi niya rito ang plano niya. Napahagalpak ito ng tawa.

“Really, Dan! I never thought you were that serious!”

Nginitian lang niya ito.

Katulad ng dati ay nakasimangot si Isay nang pumasok sa lobby ng *Ancheta Building*. Lalong nalukot ang mukha niya dahil sa nakitang pila ng mga sasakay sa elevator.

“Amputsa naman!” naiinis na usal niya.

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

Sa halip na pumila at maghintay, nagpasya siyang gumamit na lang ng hagdanan. Late na siya. Lalo siyang male-late kung magpapatumpik-tumpik pa siya.

Kung bakit kasi Lunes na Lunes ay tinanghali siya ng gising. Pagdating niya sa bus terminal ay nakaalis na ang biyaheng regular niyang sinasakyan mula Cavite hanggang Lawton. She had to wait for the next trip. At kahit dumaan sa *Cavitex* ang bus, inabutan naman sila ng traffic sa Tambo. Ang resulta ay fifteen minutes siyang late. Na posibleng maging kalahating oras pa dahil heto nga't hanggang ngayon ay inaakyat pa rin niya ang hagdanan.

Sandaling huminto si Isay sa kalagitnaan ng second floor stairwell. Humihingal na siya. Tumutulo na ang pawis sa kanyang likod at sa pagitan ng kanyang dibdib.

Hindi birong workout ang akyatin ang tatlong floors papasok sa opisina ng *3J Manpower Agency*. Idagdag pa roon ang five-minute walk mula sa kanto ng Pedro Gil papunta sa mismong building na inuupahan ng opisinang pinapasukan niya.

Kung anong ayos niya pag-alis ng bahay, daig pa niya ang nakipag-wrestling pagpasok niya sa opisina.

Kahit humihingal, pahangos pa rin siyang pumasok doon. Nanginginig ang mga kamay niya nang mag-time in gamit ang lumang bundy clock.

Maraming tao ang naghihintay sa waiting room nang dumating siya. Tambak na rin ang mga application forms sa kanyang mesa pag-upo niya.

“You’re late,” anang best friend at kapwa clerk niyang si Chichi. Share sila ng cubicle. Magkatalikuran lang ang kanilang mesa.

“Tinanghali ako nng gising,” aniyang bahagya nang nahimasmasan. Sandali siyang nag-retouch bago itinuon ang pansin sa trabaho.

“Hmph! Napuyat ka na naman siguro sa pakikipag-chat mo kagabi, ano!”

Namula ang dalawang pisngi niya. Sa halip na sumagot ay niyuko na lamang niya ang santambak na application forms sa kanyang mesa. Trabaho nilang dalawa ni Chichi ang i-screen ang mga iyon kung pasok nga sa requirements ng kompanyang pinag-a-apply-an ng mga aplikante.

“So, ano na ang resulta? May nakilala ka na bang prospective jowa?”

Regular na nagba-browse si Isabelle Remigio

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

sa ilang kilalang dating site. Umaasa siyang may makikilalang lalaki na puwedeng maging passport niya upang magkaroon ng magandang opportunity para guminhawa. May ilang foreigners na siyang napupusuan. Pero hindi pa niya pinadadalhan ng private message ang mga ito.

“Wala pa. Pumipili pa rin ako.”

“Ano ka ba naman? Baka masyadong mataas ang standards mo. Babaan mo kahit kaunti.”

Nilingon niya ang kaibigan.

“Chichi, tumanda na nga ako nang ganito na hindi nag-boyfriend. Ngayon ko pa ba ibababa ang standards ko?”

“Twenty-five ka lang. Hindi ka pa matanda.”

Natatawang ibinalik niya ang pansin sa trabaho.

“Sa totoo lang, ha? Mahirap nang makahanap ng lalaking taglay ang qualities na gusto mo. Imagine, gusto mo ng lalaking may four M’s?”

“Ano naman ang masama doon?”

“Isay, imposibleng makakilala ka pa ng mayaman, matalino, mabait at magandang lalaki. Kung matanda, mayaman at madaling mamatay, baka p’wede pa.”

Napahagalpak siya ng tawa.

“O, narito na pala itong Sweetie Pie ko,” singit ng liaison officer nila na si Rudy. Nakapuwesto ito sa cubicle na katabi lang nila.

Iningusan ni Isay ang binata. “P’wede ba, Rudy, huwag mong dagdagan ang pagkasira ng araw ko,” mataray niyang tugon.

“Sobra ka naman. Porque ba wala sa akin iyong isang M na hinahanap mo, sinusupladahan mo na ako?” animo nagtatampong sumbat nito.

Nailing na inikutan niya ito ng mga mata. Si Chichi ay tatawa-tawa lang sa likuran niya.

Alam niyang malaki ang pagkagusto sa kanya ni Rudy. Marami ang nagkakagusto sa kanya, actually. Hindi lang sa loob ng opisina kundi maging sa baranggay nila. Siya lang talaga itong ayaw. Ayaw niya ng simpleng lalaki. Sabihin nang ilusyonada siya, pero gusto niya talagang mayaman ang maging unang boyfriend niya and eventually, maging asawa.

Sawa na siya sa hirap. Sawa na siyang dumaraan lang palagi sa palad ang monthly paycheck niya dahil sa kabi-kabilang utang. Sawa na rin siyang magkumahog at bumiyahe nang mahigit tatlong oras sa araw-araw para lang magtrabaho. Kaya nga

siya naghahanap ng foreigner na puwedeng maging prospect niya. Baka sakaling madala siya sa abroad sakaling maging sila. Magtrabaho man siya roon, malaki naman ang kikitain niya. Malaking tulong iyon sa pamilya niya lalo sa mga kapatid niyang pinag-aaral.

“Ano, Isay? Kailan ka ba sasamang makipag-date man lang sa akin?”

“At saan mo naman ako dadalhin, aber?”

“Ikaw? Kahit sa first class restaurant pa gagawin ko. Mangungutang ako para lang madala ka sa isang mamahaling lugar.”

“Hay naku, Rudy! P’wede bang tigilan mo na si Isay? Ibaling mo na lang kasi sa iba iyang pagsintang pururot mo. Dahil never kang magugustuhan nitong kaibigan ko.”

Umingos ito. “Ganyan kayo. Iniismol n’yo ako. Pag tumama ako sa lotto, makikita n’yo!” anito, sabay walk out.

Nagkatinginan na lamang sila ni Chichi nang lumayo na ang binata. Kapwa nila pinipigil ang mapabunghalit ng tawa.

Nailing na ipinagpatuloy na lamang niya ang

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

trabaho.

2

Salubong ang mga kilay at nagtatagis ang mga bagang ni Daniel habang binabasa ang sulat na iniabot ng kanyang sekretarya. Nakasilid iyon sa isang plain white envelope na walang postage stamp.

Isa iyong typewritten message, isang warning. Pinag-iingat siya dahil may mangyayari raw na hindi maganda sa kanya. Nilamukos niya ang papel at ibinato sa trash bin.

The note didn't scare him. It infuriated him.

“O, bakit ganyan ang pagmumukha mo?” puna ni Spencer nang pumasok ito bitbit ang isang malaking backpack.

“Wala. May naalala lang ako.” Tumayo siya at lumapit dito. “Dala mo na ba’yung mga ipinabili ko?”

Inutusan niya itong bumili ng mga damit sa Divisoria. Sa halip na sumagot ay binuksan na lang nito ang backpack. Nasa loob ang mahigit isang dosenang t-shirt at ilang pantalon. Siyempre pa’y pulos hindi branded ang mga iyon.

Iniabot ni Spencer sa kanya ang isang *Nokia*

3210 cellphone. “Do you really need that scrap? Aba’y pinahirapan mo akong maghanap niyan!”

Tinawanan niya ang pinsan. “Saan ka naman nakakita ng laborer na may *BlackBerry*?”

Tinitigan siya nito nang masama. “I can’t believe you’d still push through with this ridiculous idea.”

“I told you I’m serious.”

Bumuntong-hininga na lang ito. “Ano, tama na ba ’yan?”

“Okay na ’to. Tatawagan na lang kita kapag may kailangan pa ako. Nga pala, nahiram mo na ’yung motorsiklo?”

Hiniram niya kasi iyong motorsiklo ng driver nito. He settled for a not-so-old *Yamaha* model. It wouldn’t be convincing if he was caught riding his *Ducati*.

“Nasa parking lot na.” Nagpasalamat siya. “Eh, si Kevin, natawagan mo na?” Ito naman ang nagtanong na ang tinutukoy ay ang college friend nila na ngayon ay may-ari na ng isang bus line sa Cavite.

“Yup. N’ung isang araw pa.” Ang totoo ay sinadya niya ito sa bahay nito sa Cavite City.

“Don’t tell me na pumayag din siya sa plano mo?”

He smiled wickedly. Paano ba niya makakalimutan ang naging reaksyon ng kaibigan?

Muntik nang mabulunan si Kevin dahil sa gulat. Straight tuloy nitong ininom ang juice na laman ng baso.

“Pakiulit mo nga ang sinabi mo!”

“S’abi ko, baka p’wedeng mag-apply akong konduktor pansamantala.”

Nanlalaki ang mga matang tinitigan siya nito. “Naman, Dan! Anong kalokohan na naman ito?”

Natawa lang siya. “Hindi ito kalokohan, Kev. To be honest, I’m on a mission. Gusto kong mag-conduct ng isang social experiment.”

“You what?” Pati yata utak nito ay nagbara. Hindi siya nito maintindihan.

Daniel rolled his eyes upward and patiently explained his side.

“I want to get married. Pero ang gusto ko’y iyong ako ang mahal ng magiging asawa ko at hindi ang pera ko. Gusto kong magpanggap na isang ordinaryong tao. I’d like to find out kung nag-e-exist pa rin ang true

love or pera na lang talaga ang binibigyang halaga ng mga tao.”

“Ah... so gusto mong maghanap ng babaeng mai-in love sa 'yo kahit isa ka lang konduktor.”

Tumango siya.

“Sabagay, maraming magaganda dito sa Cavite. Kaya lang...” Napapalatak ito. “Baka mahirapan ka. Practical na ang mga babae ngayon. Hindi na lang puso ang ginagamit nila kundi mas ito,” turo nito sa sintido.

Nagkibit-balikat siya. “Hindi ko naman malalaman kung hindi ko susubukan.”

“So how long will this charade last?”

“Hindi pa ako sigurado. Three, four months maybe? Basta't kapag wala akong nakilala na papasa sa panlasa ko bago mag-October, I'll give up.”

Tumango lang ito.

“So, am I hired?” tanong niya.

Kinibitan siya nito ng balik. “Why not? It's not everyday na magkakaroon ako ng guwapong konduktor. Baka dumoble ang mga pasahero ng bus ko.”

Nagkatawanan sila.

“Kailan ka mag-uumpisa sa pagiging konduktor mo?”

“Lilipat na ako sa apartment sa Cavite bukas. Kaya starting tomorrow, ikaw muna ang OIC dito sa opisina.”

“Tinawagan mo na ba sina Tito? Alam na ba ng parents mo itong balak mo?”

“I don’t want to bother them. Ngayon pa lang ine-enjoy ni Daddy ang retirement niya. He’s having a great time with my mom. Ayokong sirain iyon.”

Magdadalawang taon nang nasa Hawaii ang mga magulang ni Daniel. Nagpasya ang mag-asawa na roon na gugulin ang retirement days ng mga ito.

Napailing si Spencer. May pag-aalala pa rin sa mukha nito.

“I don’t know, Dan. Parang ako ang natatakot dito sa gagawin mo.”

“Ano naman ang dapat mong ikatakot? I’m perfectly capable of taking care of myself.”

Matagal siyang tinitigan nito. Seryoso ito nang magsalita. “I know you’ve been receiving threats.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “At sino naman ang nagsabi sa ’yo niyan?”

“I happen to read one of the letters the other day. At kinumpirma mismo sa akin si Sylvie na ilang linggo ka nang nakakatanggap niyon.”

Nag-isang linya ang mga labi niya.

“Bakit hindi mo sinasabi sa akin ang tungkol sa sulat?”

“It’s nothing, Spencer. Trabaho lang iyan ng mga walang magawa sa buhay. Don’t take it seriously.”

“I don’t think na isa lang iyong prank. Your life may be seriously in danger,” katuwiran nito.

Tumawa siya. “Masyado kang napa-paranoid dahil sa isang walang kuwentang bagay. Huwag mo na lang kasing pansinin.”

“Daniel...”

“Look, granted na may mga taong balak akong gawan ng masama, hindi nila ako makikilala dahil magpapanggap nga akong konduktor. Hindi siguro nila ipagkakamali ang isang billionaire sa isang ordinaryong trabahador lang.”

“Walang dalawang tao ang magkamukha. Not in

the same lifetime, unless identical twins sila. Kahit anong disguise pa ang ilagay mo diyan sa mukha mo, they'll figure you out soon. And that's what makes me nervous. Walang makakatulong sa 'yo kapag nangyari iyon."

Sa halip na mabahala ay natatawang tinapik niya ang balikat ng pinsan.

"Thanks for the concern, cousin. But I still think you're overreacting. Walang mangyayaring masama sa akin, kaya wala kang dapat ipag-alala."

It was her most dreaded day of the week, Monday. Umpisa uli ng isang linggong paggising nang maaga, pag-uwi ng gabi, pakikipagbuno sa ibang pasahero ng bus at pag-iinit ng ulo dahil sa traffic. She had been struggling with the same routine for seven years, mula nang mag-graduate siya sa two-year course na Computer Secretarial. Gusto sana niyang maging isang computer engineer. Pero hanggang dalawang taon lamang na pag-aaral ang kaya ng sahod ng tatay niyang clerk lang sa city hall. Nag-aaral din kasi ang dalawa pa niyang nakababatang kapatid. Pinagkakasya lang nito ang kinikita sa pamilya.

Nakakasawa na.

Nakasimangot na bumaba ng jeep si Isay at pumasok sa bus terminal. May five minutes pa bago umalis ang naka-schedule na biyahe. Umupo muna siya sa waiting area kasama ng ibang pasahero. Iniinspeksyon pa kasi ng mekaniko ang nakalinyang bus.

Muli niyang naisip ang tungkol sa sitwasyon niya.

Kahit gusto niyang maging optimistic, wala talaga siyang makitang magandang future para sa kanya at sa kanyang pamilya, unless she'd do something drastic.

Binalak na niyang mag-abroad, pero wala siyang pang-placement fee. Sino ang magpapautang ng treinta mil nang walang collateral? Hindi siya puwedeng mag-apply sa mga job postings ng mismong agency na pinapasukan niya. May policy kasi na walang internal hiring sa opisina nila. Kung gusto niyang mag-apply sa isa sa mga openings abroad, kailangan niyang mag-resign at dumaan sa normal na proseso ng pag-a-apply. May mga nakikita siya sa Internet. Pero iyon nga, kailangan pa rin niya ng pera.

“Yung biyaheng Lawton diyan, p’wede na kayong sumakay!” sigaw ng dispatcher.

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

Halos sabay-sabay nang nagtayuan ang mga katabi niyang pasahero. Pagpasok sa bus ay umupo siya sa kanyang paboritong upuan, iyong third window seat sa side ng driver.

Mayamaya ay lumulan na ang driver. Kilala na niya si Mang Peter pati na ang konduktor nitong si Alex. Ang hindi niya kilala ay ang kasama nitong binata.

Bagong driver? Pero hindi. May suot itong belt bag. At nakauniporme ito ng katulad sa ibang konduktor.

Bagong konduktor siguro.

Huling sumakay ang konduktor na si Alex na nakasuot ng civilian clothes. Mukhang hindi ito naka-duty ngayon.

“Ano, Pare, ready ka na?” Alex said in his usual Visaya accent.

“Oo naman.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Isay at muling sinilip ang unahan ng bus. Nakatalikod ang baguhang konduktor. Matangkad ito, puna niya. At maganda ang boses, buong-buo at lalaking-lalaki.

Tumahip ang dibdib niya nang sumulyap ito sa

driver.

*Shit! Ang tangos ng ilong at ang ganda ng lips!
Konduktor ba talaga ito?*

Bigla itong lumingon sa gawi nila. Hindi niya alam kung nahuli siya nitong nakatitig. But just the same, namumula na bigla siyang tumingin sa bintana.

Napataas ang kilay ni Daniel nang mapuna ang dalagang nakaupo sa third seat. Nahuli niya itong nakatitig sa kanya at bigla itong nagbaling ng tingin nang lumingon siya. From his distance, he could see the pinkish tint on her cheeks.

Malapit na sila sa checkpoint nang sumenyas si Alex na mamigay na siya ng ticket. Kinuha niya ang ibinigay nitong bundle at isa-isa nang tinanong ang mga pasahero.

“Miss, s’an ka?” tanong niya pagtapat sa nakayukong dalaga.

“Pedro Gil.”

Pumunit siya ng ticket na sakto sa dapat na pamasaha. Nang abutin nito ang ticket ay hindi pa rin ito nakatingin sa kanya. May pumasok na kalokohan sa isip niya. Hinawakan niya ang mga daliri nito. At

tama ang hula niya.

On impulse ay bigla itong nag-angat ng mukha.

Round, innocent eyes... iyon ang una niyang napuna. Wala sa loob na napangiti siya.

Hindi pa man, mukhang may kahihinatnan itong sinimulan niya.

Hindi na niya nagawa pang obserbahan ang kilos ng dalaga dahil unti-unti nang napupuno ang bus at naging abala siya sa pagbibigay ng ticket at paniningil. Ngunit sa tuwing mapapadaan siya sa puwesto nito ay sinusulyapan niya ito. Paminsan-minsan ay nagkakatagpo ang mga mata nila. Mukhang maya't maya rin siyang tinititigan ng estranghera.

Nakapagtataka pero nagugustuhan niya iyon.

Punung-puno ang bus. Ngayon lang siya naka-experience ng ganito. At hindi rin miminsang uminit ang ulo niya dahil sa makukulit at pasaway na pasahero. Mabuti na lang at likas na mahaba ang pasensya niya. At kahit paano ay naiintindihan niya ang mga ito.

Karamihan sa mga sakay nila ay mga papasok sa trabaho at naghahabol ng oras. Nagtitiis ang mga itong makipagsiksikan sa puno nang sasakyan para

lang umabot sa oras.

Nasa Roxas Boulevard na sila nang magsimulang lumuwag ang loob ng sasakyan. Wala na rin siyang kailangan tiketang at singilin ng pamasahe.

Not bad for my first day, aniya sa sarili.

“Okay ka lang?” tanong ni Alex na sinabayan pa ng tapik sa kanyang balikat.

Nang dumami na ang pasahero ay nakaalalay na ito sa kanya. Dito siya ipinasa ni Kevin dahil mapagkakatiwalaan daw ito. Sa buong opisina ay ito lang ang nakakaalam kung sino siya talaga. For the rest, anak ng dating driver ni Kevin ang pakilala niya.

“Sisiw!” pagmamayabang niya. Nagtawanan ang dalawa niyang kasama sa unahan.

Lumiko sila sa Quirino patungong Taft. Pagtapat sa *Philippine Women’s University* ay bumaba ang tatlong estudyanteng babae.

“Bye, Pogi. Bukas uli, ha?” walang gatol na sabi ng isa. May iniabot namang isang papel ang isang kasama nito. Nang buklatin niya ay may tatlong pangalan na may corresponding cellphone numbers ang nakasulat doon.

“Mang Pete, mukhang mauungusan tayo nitong

lalaking ito. Aba’y unang araw pa lang, mabili na sa mga Chikas! Tiyak kong dito pa lang mamaya’y siksikan na tayo. Paniguradong maraming mag-aabang dito sa bus natin,” tukso ni Alex na dinunggol pa siya sa balikat. Naiiling at natatawang sinilip pa niya sa side mirror ang tatlong estudyante na halatang kinikilig pa rin habang nag-uusap.

Naging pula ang stoplight malapit sa kanto ng Pedro Gil.

“Manong, bababa na po ako.”

Malamyos ang tinig ng nagsalita. Hindi na siya nagtaka nang makitang iyon ang dalagang nagnanakaw ng tingin sa kanya.

Binuksan ng driver ang pneumatic door. Tumabi si Daniel para paraanin ito. Nakayuko ang babae at hindi man lang sumusulyap sa kanya. At dahil nakaharap siya sa gawi ng mga paparating na sasakyan, nakita niya ang isang motor na sumiksik sa pagitan ng bus nila at ng katabing sasakyan.

On instinct ay hinawakan niya ang dalaga sa braso para hindi ito kaagad makababa. “Miss, sandali!”

Kunot ang noong tumingala ito sa kanya. Once again, their eyes met. And once again, he was

entranced by her expressive eyes.

“May parating na motor. Mahahagip ka.”

Umawang ang bibig nito na parang may gustong sabihin. Pero itinikom nito iyong muli. His gaze went down to her closed lips. They were naturally pink and heart-shaped, fuller at the bottom and with just a touch of lip gloss. Wala itong masyadong kolorete sa mukha maliban sa light face powder at eyeshadow. At dahil magkadikit sila, nasamyong rin niya ang fruity scent ng cologne na gamit nito.

Nabasag ang magical na sandali nang isara ni Mang Pete ang pinto at dahan-dahang umusad ang bus.

“Teka ho, bababa na ako.”

“Itatabi ko lang sa kabila, Ineng.”

Napasulyap itong muli sa kanya. She looked panicky now, her eyes as round as average-sized marbles.

“P-p’wedeng pakibitiwan na ang braso ko?”

Kaya naman pala. Hawak pa rin niya ito.

“Oops! Sorry!”

Pasimple siyang inirapan nito.

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

Nang maitabi ang bus ay bumaba na ang dalaga. She did say a curt thank you, which made him smile as he watched the sway of her full hips as she walked away.

3

“O, bakit ang pula ng mukha mo?” puna ng kaibigan niyang si Chichi. Nakasalubong niya ito at katulad niya ay papasok din sa cubicle nila. May bitbit itong isang tasa ng kape.

“Huwag mong sabihin na naghagdanan ka. Ang aga pa.”

Seven-thirty pa lang. Alas ocho pa ang bukas ng opisina nila.

“Medyo mainit lang sa sinakyan kong bus,” dahilan ni Isay. “Teka lang, punta ako sa CR.”

Hindi na niya hinintay na sumagot ito. Mabilis siyang pumasok sa ladies’ room na nasa pinakadulo ng hanay ng mga cubicles.

“Oh, shit!” Natampal niyang bigla ang dalawang pisngi. Kaya pala ganoon na lang ang pagtataka ni Chichi. Hindi lang siya simpleng nag-blush. Pulang-pula ang buong mukha niya at pati ang malaking bahagi ng kanyang leeg. Halatang-halata dahil maputi siya.

Kung bakit naman kasi ganoon na lang ang

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

naging epekto sa kanya ng guwapong konduktor na iyon! Na-love at first sight pa yata siya.

Nanlaki ang kanyang mga mata.

“No! Hindi p’wede!”

Hindi siya puwedeng ma-in love sa isang konduktor lang! Attracted lang siya rito dahil guwapo ito. It couldn’t be love!

Paulit-ulit niya iyong sinabi sa sarili habang pilit ibinabalik sa normal ang tibok ng puso. At nang lumipas ang ilang minuto na hindi pa rin humuhupa ang pamumula niya ay napilitan na siyang maghilamos.

“Okay ka na?” tanong ni Chichi nang makabalik siya. Sampung minuto rin yata siyang naglagi sa loob ng rest room.

“Okay naman ako. Medyo mainit lang talaga,” pagdadahilan niya na umupo na sa kanyang puwesto.

“Baka lalagnatin ka? Uso pa mandin ’yan ngayon.”

“B-baka nga,” sang-ayon na lang niya.

Lumipas ang maghapon na naging abala na sila sa trabaho. Palagi namang ganoon sa agency nila. Alas seis pa lang ng umaga ay may mga taong

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

naghihintay na sa labas ng opisina. May mga datihang OFW na nag-re-report lang. Pero ang karamihan ay mga baguhan na nagnanais makipagsapalaran sa ibang bansa. Walang ipinagkaiba ang mga ito sa katulad niyang naghahangad ng kaunting ginhawa.

Nang sumapit ang alas cinco ay sinabihan sila ng department head nila na kailangan nilang mag-overtime hanggang alas ocho. Nagkatinginan sila ni Chichi.

“Naman! Mami-miss ko ang isang episode n’ung sinusubaybayan kong telenovela!” pagmamaktol nito.

Natatawang napailing na lang siya.

“Ganyan talaga, Chichi. No choice tayo. Mabuti ka nga taga-Ermita ka lang. Ako, Cavite City pa. Panigurado, alas diez ng gabi na ako makakauwi nito.”

Malalim ang buntong-hiningang pinakawalan ni Isay. Napapagod na siya. Pero gaya nga ng sinabi niya, wala siyang choice kundi ang sumunod.

Hustong alas ocho nang mag-time out sila ni Chichi. Magkaiba sila ng daan. Tatawid pa siya sa kabila para makasakay ng bus.

“Chichi, huwag mo na akong ihatid sa kabila.”

Kapag wala silang overtime ay sumasabay ito sa kanya patawid at hinihintay siyang makasakay bago ito tatawid uli sa kabila.

“Sigurado ka? Okay lang sa ’yo?”

“Oo naman. At saka punuan na ang mga jeep. Baka mahirapan kang makasakay kung hihintayin mo pa ako.”

Pumayag ito. Nagpaalam na sila sa isa’t isa. Nagmamadali siyang tumawid habang nasa pula pa ang traffic light at nakahinto ang mga sasakyan. Tamang-tama, may namataan na siyang *St. Anthony* bus na paparating. Hindi na siya maghihintay nang matagal. Sana lang ay hindi iyon gaanong puno.

Nang mag-go ang traffic ay hindi na niya hiniwalayan ng tingin ang bus. Nang medyo malapit na iyon ay sumenyas siya. Nagmaniobra ang driver para itabi ang bus.

Napangiwi si Isay nang makitang may ilang lalaki na ang nakatayo sa bandang hulihan.

Kainis! Pihadong sa Bacoor na naman ako makakaupo nito.

“Miss, dito ka na maupo.”

Si Alex iyon. May inilabas itong isang maliit

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

na monoblock chair mula sa gilid ng driver. Sa pagmamadali niyang makasakay, hindi niya napansin na ito rin ang bus na sinakyan niya kaninang umaga. Awtomatikong tumahip ang kanyang dibdib. Ibig sabihin ay narito rin si Mr. Posing Konduktor!

“Sige na, Miss, upo ka na.”

“T-thank you.”

Masyadong mababa ang monoblock chair at nalililis ang laylayan ng palda niya. Pero mas okay na iyon kaysa mangawit ang mga binti niya sa pagtayo.

“Whew! Sana hindi tayo ma-traffic.”

Nagkunwari siyang naghalughog sa kanyang bag. Narinig na kasi niya ang pamilyar na tinig ng crush niyang binata. And she could feel heat creep up her neck to her face. Alam niyang namumula uli siya.

“Last trip na natin ’to, Danny boy! Puwera na lang kung gusto mo um-extra,” ani Alex.

So, Danny pala ang pangalan nito.

“Hindi na. Pagod na ako,” natatawang sagot ng lalaki.

Nakayuko ang dalaga kaya hindi niya nakita ang kotseng bigla na lang nag-cut sa unahan nila.

Napilitang tapakan ng driver nila ang preno, sanhi para mahila ang katawan nila papunta sa unahan. At dahil abala siya sa pagte-text kuno, muntik na siyang makipaghalikan sa dashboard, kung hindi lang naiharang ni Danny ang isang braso nito sa katawan niya.

“Okay ka lang?” tanong ng binata na matiim na nakatingin sa kanya. He was still holding her, steadying her body. Nasa may itaas lang ng dibdib niya ang kanang braso nito, almost embracing her.

Nahihiyang itinulak niya ang braso nito.

“O-oo. Salamat.” Muli siyang napayuko. His eyes seemed to burn through her. Ang bilis ng tibok ng kanyang puso.

“Tarantadong driver ’yun, ah!” ani Mang Pete.

Hindi na niya ito pinansin. Nagulat na lang siya nang biglang yumuko sa gawi niya si Danny at bumulong.

“Kumapit ka na lang mabuti.” Inginuso nito ang metal bar na nasa tabi lang niya. Nakakabit dito ang board na naghihiwalay sa driver’s cockpit at ang first row ng passenger seat.

Lahat yata ng dugo niya ay umakyat sa kanyang

mukha. Parang pinong insulto ang dating ng sinabi nito sa kanya. Kulang na lang ay sabihin nitong huwag siyang tatanga-tanga.

Napasimangot si Isay.

Samantala, nangunot ang noo ni Daniel.

Masama ba ang sinabi ko? Ang suplada naman ng babaeng ito!

But despite that, hindi niya talaga mapigilang titigan ito nang palihim.

She was not a raving beauty. Simple nga lang ito kung ikukumpara sa ibang babaeng kakilala niya. But there was something about her that drew him near.

Curiosity, perhaps!

Gusto niyang matuklasan kung ano ang ibig sabihin ng sandaling takot na nabasa niya sa mga mata nito kanina. Was she afraid of him? Or was she feeling the same awkward, tingling sensation he felt too?

He favored the latter.

Dinunggol siya ni Alex sa tagiliran. Nang sulyapan niya ito ay pasimple itong ngumuso sa dalaga bago ngumisi.

“Mukhang may tama sa ’yo,” bulong nito.

“Ulol!”

Nakaliko na sila sa Roxas Boulevard. May sumakay na tatlong lalaki malapit sa *Philippine Navy* headquarters. Sinundan niya iyon at binigyan ng ticket. Pagsapit nila sa Baclaran ay tuluyan nang napuno ang bus hanggang sa unahan kaya naging abala na naman siya.

Iniunat ni Isay ang nangangalay na mga binti. Sa wakas, lumuwag din ang bus at nakaupo rin siya nang maayos. Nasa Kawit na sila. Sandali na lang at makakapagpahinga na rin siya.

Tumingin siya sa wristwatch; alas nueve na. Mabuti na lamang at hindi sila gaanong na-traffic sa Aguinaldo Highway sa Bacoor.

“May bababa ng Tabon?”

“Sa tabi lang, Danny.”

Tumaas ang isang kilay niya. May lambing ang pagkakasambit ng babae sa pangalan ng konduktor. Mukhang kilala na ng buong female population sa loob ng bus ang binata. At feeling close na kaagad dito ang mga kabaro niya.

Eh, bakit affected ka? tudyo ng isang maliit na tinig.

Nahimas niya ang nakataas na kilay. Huminga rin siya nang malalim. Nope! She was not affected. She was simply annoyed.

At bakit naman? pangungulit ng isang bahagi ng kanyang utak na kanina pa siya ayaw tigilan.

Iniikot niya ang mga mata.

“Ako ba ang iniirapan mo?”

Bigla siyang napalingon sa katabing row. Nakaupo roon ang binata.

“H-hindi,” sagot niya, sabay iwas ng tingin. Narinig niya ang mahinang tawa nito.

“Ako nga pala si Daniel. P’wede mo akong tawaging ‘Danny’.”

Mas bagay sa ’yo ang Daniel, aniya sa isip.

“Ano’ng name mo?”

Hindi siya sumagot.

“Noveleta!” sigaw ni Alex na nanatili sa unahan.

Nagising ang katabi niya at nagkukumahog sa pagbaba. Umusod siya sa gawi ng bintana sa pag-

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

aakalang lulubayan na siya ng binata. Ang kaso, iba ang naging interpretasyon nito sa ginawi niya.

Lumipat ito sa tabi niya. “Ano’ng name mo?”

“Ba’t lumipat ka dito sa tabi ko?” mataray niyang tanong.

Halatang nabigla ito. “Di ba kaya ka umusod diyan para tabihan kita?”

“Hoy, Mister—”

“Shh! Baka marinig ka ng ibang pasahero. Akalain pang iba ang ginagawa natin.”

Nanlaki ang mga mata niya. The brute had the nerve to tease her!

Sa halip na maglitanya ay nanahimik na lang ang dalaga. She crossed her arms and stared outside the window.

The bus cruised down the road at a steady speed. Bukas ang stereo at kasalukuyang pinatutugtog ang isa sa paborito niyang kanta.

“Can marry your daughter. And make her my wife. I want her to be the only girl that I love for the rest of my life.”

Nawala ang pansin niya sa kanta at nalipat sa

kumakanta. Sinasabayan iyon ni Daniel. And damn, his voice was lovely! Parang gustong kiligin ng buong katawan niya.

She would love to hear him sing that song to her father and really mean it. Ang sarap sigurong maging asawa ng binata.

Napasinghap siya. Hindi niya dapat iniisip ang ganoong bagay!

Wala sa sarili na napalingon siya sa katabi. He was staring at her. He winked when their eyes met, and gave her that heart-melting smile.

I wonder kung ganito din siyang ngumiti sa ibang pasahero.

She felt herself blush.

“Sa terminal ka ba bababa?”

“O-oo,” napilitan siyang sumagot. Ayaw naman niyang magbigay ng impresyon na sobra siyang suplada. Isa pa, wala itong masamang ginagawa sa kanya.

Paghinto ng bus sa Ronquillo ay inayos na niya ang sarili. Malapit na sila sa terminal. Bakante na ang mga upuan sa likuran. Mukhang siya na lang ang natirang pasahero.

Ang Boyfriend Kong Konduktor - Doreen Laroya

Tumayo si Daniel at lumipat sa unahan. At nakadama siya ng di-maipaliwanag na emptiness dahil wala na ito sa tabi niya.

It was odd.

Nalungkot din siya nang maisip na baka na-turn off ito sa pagiging suplada niya. Bakit pa ba siya pagtitiyagaan nito kung iyong ibang babae ay hindi magkandatuto sa pagpapapansin dito?

Nakagat niya ang pang-ibabang labi. Why was she feeling these strange emotions?

Hindi mo kailangan ng complications ngayon, Isabelle. Remember your goals. Stay focused. It's just normal infatuation.

Malalim ang hininga na kanyang pinakawalan.

Sana nga ay infatuation lang itong nararamdaman niya.